




MALAY

VOLUME 30 NO. 2 JUNE 2018

Ang *Malay*, isang *internationally refereed at abstracted* journal na multi-disiplinari sa Filipino, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng Mga Patnugot, ng Kaguruan, o ng Pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Halaga ng Taunang Subskripsyon: Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US\$40 (surface mail), US\$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US\$25 (surface mail), US\$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan na lamang po kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2018 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: <http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp>
<http://www.ejournals.ph>

*Ang De La Salle University Publishing House
ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Mga Patnugot

Florentino T. Timbreza

Punong Patnugot

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Rowell D. Madula

Ko-Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Dolores Taylan

Tagapamahalang Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Joi Barrios

University of California Berkeley, USA

Aurora E. Batnag

Pamantasang Normal ng Pilipinas

Rick C. Bonus

University of Washington, USA

Pamela C. Constantino

Unibersidad ng Pilipinas

Teresita F. Fortunato

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Francis A. Gealogo

Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas

Jose Rhommel B. Hernandez

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Efren B. Isorena

Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas

Bienvenido L. Lumbera

Unibersidad ng Pilipinas

Ruth Elynia S. Mabanglo

University of Hawaii, Manoa, USA

Rhoderick V. Nuncio

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Epifanio San Juan Jr.

*Philippine Cultural Studies Center,
Connecticut, USA*

Rolando B. Tolentino

Unibersidad ng Pilipinas

Tereso S. Tullao

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Galileo S. Zafra

Unibersidad ng Pilipinas



MALAY

Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR	vii
Florentino T. Timbreza Rowell D. Madula	
MGA NATATANGING LATHALAIN	
Poetika ng Pagbubura Bílang Pagbubuo / <i>Poetics of Erasure as Creation</i> Mesándel Virtusio Arguelles	1
Ang Metapisika at Etika ng Pakikipagkapwa-tao / <i>The Metaphysics and Ethics of Humane Interpersonal Relations</i> Napoleon M. Mabaquiao Jr.	20
Ang Pilosopiya ng Edukasyon ni Emerita S. Quito / <i>The Philosophy of Education of Emerita S. Quito</i> Jerwin M. Mahaguay	37
Leonardo N. Mercado (1935--): Eksplorasyon sa mga Sangkap ng Pilosopiyang Filipino Lampas sa Tradisyonal na Uri ng Pamimilosopiya sa Pilipinas / <i>Leonardo N. Mercado (1935--): Exploration in the Elements of Filipino Philosophy Beyond the Traditional Doing of Philosophy in the Philippines</i> Emmanuel C. de Leon	58
Mula Anito Hanggang Kasaysayan ng Langit: Panimulang Pagbabalangkas Tungo sa Bagong Kasaysayan ng Pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas (3000 B.K.-1950) / <i>From Anito to Kasaysayan ng Langit: A Preliminary Framework for a New History of the Catholic Faith in the Philippines (3000 B.P.-1950)</i> Jose Rhommel B. Hernandez	81
Geena Rocero: Isang Pagsipat sa Trans-pormasyon ng Pagtatanghal sa Birtuwal na Mundo / <i>Geena Rocero: An Analysis of the Trans-formation of Performance in the Virtual World</i> Jaco B. Tango	97
Kritikal na Pagsasalin ng Isang Tulang Sosyopolitikal ni Jose Maria Sison / <i>A Critical Translation of a Sociopolitical Poem of Jose Maria Sison</i> Jeconiah Louis Dreisbach	109
MGA KONTRIBYUTOR	123
PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY	125

Mula sa Editor

Magkakaiba man sila ng mga paksa at tanging espesyalisasyon sa akademya, ang ating mga dalubhasang kontribyutor sa kasalukuyang isyu ng *Malay* ay nag-ambagan ng kawili-wili't makabuluhang pag-aaral at pananaliksik na hindi lamang nakapagpapayaman ng pag-iisip at kaalaman tungkol sa araling Pilipino, kundi higit pa ang patuloy na pagpapaibayo ng intelektuwalisasyon ng wikang sariling atin. Masuwerte tayo sapagkat habang tumatagal ay lalong dumarami ang magagaling na iskolar na tumatangkilik at nagmamahal sa ating Inang Wika. Maraming salamat sa inyo.

Isang mahalagang ambag sa iskolarsyip ng malikhaing pagsulat ang papel ni Mesándel Virtusio Arguelles. Dinalumat niya rito ang proseso ng pagbubura bílang isa ring pagbubuo. Ang pagbubura ay isang proseso ng paglikha ng panibagong teksto mula sa pagbubura ng ilang bahagi ng nalikha ng teksto. Ang apropiasyong ito na ginagawa ng mga manunulat ay tumutungo sa pag-unawa sa konsepto ng bago sa pagitan ng modernismo at postmodernismo sa kontemporaneong panulaan. Sa huli, may pagwawari ang may-akda na ang pagbuburang ito ay isang pag-akda na isa ring pagtugon sa mga nalikha ng teksto na nagmimistulang kumbersasyon ng mga manunulat at ng kaniláng mga teksto.

Isang maaaring pagpapakahulugan sa tinutukoy ng may-akda na proseso ng pagbubura ay ang panibagong konsepto ng tinataguriang *paradigm shift* na kung saan babaguhin o kaya'y papalitan (buburahin) ang isang pamantayang pangkaisipan (*conceptual framework*) upang ito'y maging lalong kauna-unawa, katanggap-tanggap, at napapanahon ang kaukulang pagpapaliwanag tungkol sa isang simulain o panukala.

Dinadala naman ng papel ni Napoleon Mabaquiao Jr. sa isang pilosopikong antas ang isang katutubong kategorya gamit ang mga banyagang kategorya. Mahalaga ito sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa larang ng pilosopiya at gayundin sa pagsusulong ng teoryang Pilipino at pilosopiyang Pilipino. Inuunawa nito ang kálikasán ng kabutihan ng pakikipagkapwa-tao bílang isang karanasang umiiral sa lipunang Pilipino. Iginigiit ng pamimilosopiyang ito na ang pakikipagkapwa-tao ay magagamit sa pag-unawa sa ating pagkataong Pilipino.

Pinatutunayan din ng konsepto ng pakikipagkapwa-tao sa kulturang Pilipino ang pagkakaroon ng katutubong pananaw ng mga taong-bayan, bílang kanilang tanging kasagutan at pagpapakahulugan sa kakumbakitan ng búhay-tao. Ito ang kabuuan ng karununganang praktikal na natutuhan ng mga tao mula sa aklat ng tunay na búhay—sa kanilang katutubong karanasan. Kayâ ang katutubong pilosopiya ng isang lahi ay tumutukoy sa kalipunan ng kanilang mga paniniwala, pagkukuro, pagpapahalaga at paghahaka tungkol sa kálikasán ng búhay, at kung papaano mabúhay nang matiwasay alinsunod sa kinikiláláng mga katotohanan at mga pagpapahalaga na siyang kinakailangan upang magkaroon ng isang maaayos at masayang pamumuhay.

Napapanahon naman ang papel ni Jerwin M. Mahaguay sa kasalukuyang panahon. Sa gitna ng mga pagbabago sa larangan ng edukasyon sa bansa, makatutulong ang papel na ito sa pagninilay sa mga isyung nakapaloob sa mga repormang pang-edukasyong ipinatutupad ng pamahalaan. Gamit bílang lunsaran at teksto ang mga akda ng isa sa mga tinitingalang pilosopo ng kontemporaneong pilosopiyang Pilipino, si Dr. Emerita Quito, maaaring tingnan ang kaniyang mga pagmumuni-muni sa edukasyon. Ito rin ay nagsisilbing pagpupugay sa mahahalagang ambag ni Quito sa pagkatuto ng maraming umuusbong na pilosopo sa kasalukuyang panahon.

Marapat lamang na mabanggit din ang dalawang mahalagang ambag ni Dr. Quito sa landasin ng pamimilosopiya: (1) Ang artikulasyon at pagbalangkas ng tinataguriang kamalayang Pilipino at (2) Ang paggamit ng Filipino hindi

lamang sa pananaliksik at pagsulat kundi pati na sa pagtuturo, mga panayam, at pamimilosopiya. Sa ngayon, ang Filipino ay hindi na lamang wikang panturo sa pamantasan, kundi kasangkapan na rin sa pagtugis ng mga katotohanan at pagpapahayag ng mga kaisipang panteolohiya at pampilosopiya. Masasabing lahat nang ito'y mga pampilosopiyang yapak o bakas ni Dr. Quiro sa daigdig ng pilosopiya sa Pilipinas.

Bahagi pa rin ng pagdalumat sa Pilosopiyang Pilipino ang artikulo ni Emmanuel C. De Leon. Ipinakilála ng artikulo ang mahalagang ambag ng Pilipinong pilosopo na si Leonardo Mercado. Sinisiyasat nito ang lalim at lawak ng pamimilosopiya ni Mercado bílang isang pantas na nakaugat sa pagiging Pilipino. Ipinahayag ng artikulo na ang deskriptibong pamimilosopiya ni Mercado ay kinakatas ang mga elemento ng pilosopiya na matagal nang nasa kamalayan ng taong-bayan. Tulad ng iba pang artikulo sa isyung ito, selebrasyon ito ng mabungang pamimilosopiyang Pilipino sa kasalukuyang panahon.

Para sa kabatiran ng ating mambabasa, si Leonardo Mercado ay isa sa mga premyadong sumulat ng aklat na tumatalakay tungkol sa kamayrunan ng katutubong pananaw sa búhay ng mga taong-bayan. At ang kaniyang tinurang akda ay unti-unting gumising sa mga Pilipino mula sa kanilang matagal nang pagkagupiling sa Kanluraning pag-iisip at kulturang dayuhan. Ito ang tanging ambag ni Mercado sa pagbalangkas at pagsusulong ng pilosopiyang Pilipino sa larángan ng akademya sa ating bansa—bagaman wikang Ingles ang gámit.

Natatanging kontribusyon sa kasaysayang panrelihiyon sa lárang ng kasaysayan ang artikulo ni Jose Rhommel Hernandez. Ang pagtinging ito na sekular ay higit na nagpapayaman sa istoriograpiyang Pilipino at nagbibigay-unawa lalo na sa panahong ito na hinahámon ang Simbahang Katoliko sa paghihikayat sa mga kabataang maging bahagi ng kaparian. Tatlong mahahalagang usapin ang nagtatagpo sa papel na ito, ang kasaysayan, ang relihiyon at ang Pantayong Pananaw. Nailatag ni Hernandez ang mahahalagang dokumento't mga pag-aaral na ukol sa anito hanggang sa pagbubuo ng sariling mitolohiya ng simbahan.

Interesante naman ang isinagawang pag-aaral ni Jaco B. Tango sa mga retrato mula sa Instagram account ni Geena Rocero, isang kilalang transgender woman. Pinapaksa nito ang identidad na *trans* at ang ugnayan at paglikha nito sa social media. Gámit ang mga teorya nina Judith Butler at Erving Goffman, naipaliwanag ng may-akda kung paano nalilikha ng mga retrato ang kaniyang identidad. Napapalitaw rin sa papel na ang gawain ng pagtatanghal ay isang politikal na gawaing isinasabúhay ng maraming Pilipinong may ibang kasarian.

Ipinapahiwatig din ng kawili-wiling papel ng may-akda ang katotohanang walang itinatanging kasarian ang likas na paghahanap ng paliwanag, kasagutan, at pagpapakahulugan tungkol sa mga katayuan at pangyayari sa búhay-tao. Maging sino ka man—lalaki, babae, o *trans*—likas sa iyo ang mahiwagaan at mag-usisa tungkol sa kabalintunaan ng búhay, pagkat ikaw ay totoong tao rin.

Makabuluhang gawain naman ang isinagawang pagsasalin ni Jeconiah Louis Dreisbach ng mga tulang tuluyan ni Jose Maria Sison o mas kilalá sa tawag na Joma. Karaniwang napag-uusapan ang politika at pakikibaka ni Sison, pero hindi gaano ang kaniyang mga akda, kung kaya't ang pag-aaral na ito'y isa ring pagkilála sa espasyo ni Joma sa panitikang Pilipinas. Makabuluhan ang pagsasaling isinagawa ni Dreisbach at ang kaniyang kritikal na malay na pagsusuri sa isinagawa niyang pagsasalin. Isinaalang-alang hindi lamang ang wika sa pagsasalin, kundi maging ang usaping politikal, kultural, at ideolohikal na higit na nagpayaman sa isinagawang pagsasalin nito.

Napakalaking kontribusyon sa intelektuwalisasyon ng Filipino ang isinagawang pananaliksik at pagsulat ni Ginoong Dreisbach, tulad ng pagsasalin, konseptuwalisasyon, interpretasyon o pagpapakahulugan, at repleksiyon o pagmumuni. Kailangan ang pagsasaling-wika o pagsasa-Filipino sa mga teksto na isinulat sa Ingles. Sa aspektong ito'y sadyang mapanghámon na. Kailangang lumikha sa maraming pagkakataon ng mga bagong salita upang maisalin nang malinaw ang anumang ideya o pag-iisip. Sa gayong paraan ay hindi maiiwasan ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino kaakibat ng pagsasalin ay ang konseptuwalisasyon—ang proseso ng pagbubuong-diwa o paglikha ng konsepto na siyang kakasangkapanin ng anumang pag-iisip. Kayâ naman lalong lumalawak at lumalalim ang antas ng pang-unawa tungkol sa isang pananaw. Pagkatapos ay lalapatan na naman ito ng kaukulang pagpapakahulugan at pagmumuni.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napagyayaman ang mga diskurso sa kaakuhan ng pagka Filipino. Binibigyang-larawan ng mga artikulo ang mayamang pagdanas at pagninilay ng mga iskolar sa iba't ibang paksa at disiplina sa ilalim ng Araling Pilipinas. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga artikulong nailathala sa kasalukuyang isyu—si *Bb. Joanne Castanares*.

Florentino T. Timbreza, Ph.D.

Rowell D. Madula, Ph.D.

